ang kaniyang munting anak na siya'y nagbuntong-hininga, at babae ay may isang karumaldumal sinabi sa kaniya, Ephatha, sa na espiritu, pagdaka'y nang makatuwid baga'y, Mabuksan. mabalitaan siya, ay lumapit at

nagpatirapa sa kaniyang paanan. 35 At nangabuksan ang kaniyang

Griega, isang Sirofenisa, ayon sa nakapagsalitang malinaw. lahi. At ipinamamanhik niya sa 36 At ipinagbilin niya sa kanila kaniya na palabasin sa kaniyang na kanino mang tao ay huwag 26 Ang babae nga ay isang kaniyang dila, at siya'y mga pakinig, at nakalag ang tali ng anak ang demonio.

nilang sabihin: nguni't kung kailan

27 At sinabi niya sa kaniya, lalong ipinagbabawal niya sa

Pabayaan mo munang mangabusog

kanila, ay lalo namang kanilang 7 At mayroon silang ilang maliliit

ibinabantog. na isda: at nang mapagpala ang

kawasa, na nangagsasabi, Mabuti 37 At sila'y nangagtataka ng di mga ito, ay ipinagutos niya na ihain din naman ang mga ito sa kanila. ang pagkagawa niya sa lahat ng mga bagay; kaniyang binibigyang 8 At sila'y nagsikain, at pakinig pati ng mga bingi, at nangabusog: at kanilang pinulot pinapagsasalita ang mga pipi. ang lumabis sa mga

pinagputolputol, na pitong bakol

na puno.

KAPITULO 8 9 At sila'y may mga apat na libo:

1 Nang mga araw na yaon, nang at pinayaon niya sila.

sapagka't tatlong araw nang sila'y 11 At nagsilabas ang mga Fariseo, at nangagpasimulang makipagtalo nangatira sa akin, at walang sa kaniya, na hinahanapan siya ng mangakain: isang tandang mula sa langit, na 3 At kung si1a'y pauwiin kong tinutukso siya. nangagugutom sa kanilang mga 12 At nagbuntong-hininga siya ng tahanan, ay magsisipanglupaypay malalim sa kaniyang espiritu, at sila sa daan; at nagsipanggaling sa nagsabi, Bakit humahanap ng malayo ang ilan sa kanila. tanda ang lahing ito? katotohanang 4 At nagsisagot sa kaniya ang tinawag niya ang kaniyang mga daong na kasama ang kaniyang mga alagad, at napasa mga sakop alagad, at sinabi sa kanila, ng Dalmanuta. 2 Nahahabag ako sa karamihan, tao, at wala silang mangakain, ay 10 At pagdaka'y lumulan siya sa magkaroong muli ng maraming

sinasabi ko sa inyo, Walang

ilang na dako? muling pagkalulan sa daong ay tumawid sa kabilang ibayo. 5 At kaniyang tinanong sila, Ilang 14 At nangalimutan nilang tinapay mayroon kayo? At sinabi magsipagdala ng tinapay; at wala nila,

Pito. sila kundi isang tinapay sa daong. mabubusog ninoman ang mga 13 At sila'y iniwan niya, at taong ito ng tinapay dito sa isang kaniyang mga alagad, Paanong tandang ibibigay sa lahing ito.

ang pitong tinapay, at na nagsabi, Tingnan ninyo, mangagingat kayo sa lebadura ng pagkapagpasalamat, ay mga Fariseo at sa lebadura ni pinagputolputol niya, at ibinigay magsiupo sa lupa; at kinuha niya 15 At ipinagbilin niya sa kanila, 6 At iniutos niya sa karamihan na

sa kaniyang mga alagad, upang Herodes.

ihain sa kanila; at inihain nila sa 16 At nangagkatuwiranan sila-sila karamihan. rin, na nangagsasabi, Wala tayong

tinapay.

17 At pagkahalata nito ni Jesus ay tao; sapagka't namamasdan ko sinabi sa kanila, Bakit silang tulad sa mga punong kahoy, nangagbubulaybulay kayo, na nagsisilakad.

sapagka't wala kayong tinapay? 25 Saka ipinatong na muli sa hindi pa baga ninyo kaniyang mga mata ang mga napaghahalata, ni napaguunawa kamay niya; at siya'y tumitig, at man? nangagmatigas na baga ang gumaling, at nakita niyang inyong puso? maliwanag ang lahat ng mga

18 Mayroon kayong mga mata, bagay.

hindi baga kayo nangakakakita? at 26 At pinauwi niya siya sa mayroon kayong mga tainga, hindi kaniyang tahanan, na sinasabi, baga kayo nangakakarinig? at hindi Huwag kang pumasok kahit sa baga ninyo nangaaalaala? nayon.

ang limang tinapay sa limang 19 Nang aking pagputolputulin 2 7 At pumaroon si Jesus, at ang kaniyang mga alagad sa mga nayon libong lalake, ilang bakol na puno ng Cesarea ni Filipo: at sa daan ay ng mga pinagputolputol ang itinanong niya sa kaniyang mga inyong binuhat? Sinabi nila sa alagad, na sinabi sa kanila, Ano kaniya, Labingdalawa. baga ang sabi ng mga tao kung

20 At nang pagputolputulin ang sino ako?

Betsaida. At dinala nila sa kaniya pitong tinapay sa apat na libo, 28 At sinaysay nila sa kaniya, na ilang bakol na puno ng mga sinasabi, Si Juan Bautista; at ang pinagputolputol ang binuhat mga iba, si Elias; datapuwa't ang ninyo? At sinabi nila sa kaniya, mga iba, Isa sa mga propeta. Pito. 29 At tinanong niya sila, 21 At sinabi niya sa kanila, Hindi Datapuwa't ano ang sabi ninyo pa baga ninyo napaguunawa? kung sino ako? Sumagot si Pedro at 22 At nagsidating sila sa nagsabi

sa kaniya, Ikaw ang Cristo. 30 At ipinagbilin niya sa kanila ang isang lalaking bulag, at na huwag sabihin kanino man ang ipinamanhik sa kaniya na siya'y tungkol sa kaniya. hipuin. 31 At siya'y nagpasimulang 23 At hinawakan niya sa kamay magturo sa kanila, na ang Anak ng ang lalaking bulag, at dinala niya tao ay kinakailangang magbata na sa labas ng nayon; at nang maraming mga bagay, at itakuwil maluraan ang kaniyang mga mata, ng matatanda, at ng mga at maipatong ang kaniyang mga pangulong saserdote, at ng mga kamay sa kaniya, ay kaniyang eskriba, at patayin, at pagkaraan tinanong siya, Nakakakita ka baga ng tatlong araw ay muling ng anoman? nagbangon.

nagsabi, Nakakakita ako ng mga 24 At siya'y tumingala, at 32 At hayag na sinabi niya ang pananalitang ito. At isinama siya ni

MARCOS

Pedro, at pinasimulang siya'y KAPITULO 9

pagwikaan. 1 At sinabi niya sa kanila,

33 Datapuwa't paglingap niya sa Katotohanang sinasabi ko sa inyo, palibot, at pagtingin sa kaniyang May ilan sa nangakatayong ito, na mga alagad, ay pinagwikaan si hindi matitikman sa anomang Pedro, at sinabi, Lumagay ka sa paraan ang kamatayan, hanggang likuran ko, Satanas; sapagka't hindi sa makita nila ang kaharian ng mo pinagiisip ang mga bagay na Dios na dumarating na may ukol sa Dios, kundi ang mga bagay kapangyarihan. na ukol sa mga tao. 2 At pagkaraan ng anim na araw,

34 At pinalapit niya sa kaniya ang ay isinama ni Jesus si Pedro, at si karamihan pati ng kaniyang mga Santiago, at si Juan, at si1a'y alagad, at sa kani1a'y sinabi, Kung dinalang bukod sa isang mataas na ang sinomang tao ay ibig sumunod bundok: at siya'y nagbagong-anyo sa akin, ay tumanggi sa kaniyang sa harap nila; sarili, at pasanin ang kaniyang 3 At ang kaniyang mga damit ay krus, at sumunod sa akin. nangagningning, na nagsiputing

35 Sapagka't ang sinomang maigi, na ano pa't sinomang

magibig iligtas ang kaniyang buhay magpapaputi sa lupa ay hindi ay mawawalan nito: at ang makapagpapaputi ng gayon. sinomang mawalan ng kaniyang 4 At doo'y napakita sa kanila si

buhay dahil sa akin at sa evangelio Elias na kasama si Moises: at sila'y ay maililigtas yaon. nakikipagusap kay Jesus.

36 Sapagka't ano ang 5 At sumagot si Pedro at sinabi mapapakinabang ng tao, na kay Jesus, Rabi, mabuti sa atin ang makamtan ang buong sanglibutan, tayo'y dumito: at magsigawa kami at mapapahamak ang kaniyang ng tatlong tabernakulo; isa ang sa buhay? iyo, at isa ang kay Moises, at isa

tao na katumbas sa kaniyang 6 Sapagka't hindi niya nalalaman buhay? 37 Sapagka't anong ibibigay ng ang kay Elias.

kung ano ang isasagot; sapagka't

38 Sapagka't ang sinomang si1a'y lubhang nangatakot.

magmakahiya sa akin at sa aking 7 At dumating ang isang alapaap mga salita sa lahing ito na na sa kanila'y lumilim: at may mapangalunya at makasalanan, ay isang tinig na nanggaling sa ikahihiya rin naman siya ng Anak alapaap, Ito ang sinisinta kong ng tao, pagparito niyang nasa Anak; siya ang inyong pakinggan. kaluwalhatian ng kaniyang Anna na 8 At karakaraka'y sa biglang kasama ng mga banal na anghel. paglingap nila sa palibotlibot, ay

wala silang nakitang sinoman,

kundi si Jesus lamang na kasama

nila.

MARCOS

9 At habang nagsisibaba sila sa 17 At isa sa karamihan ay bundok, ay ipinagbilin niya sa sumagot sa kaniya, Guro, dinala ko kanila na sa kanino man ay huwag sa iyo ang aking anak na lalake na nilang sabihin ang kanilang nakita, may isang espiritung pipi;

maliban na pagka ang Anak ng tao 18 At saan man siya alihan nito, ay magbangong maguli sa mga ay ibinubuwal siya: at patay. nagbububula ang kaniyang bibig,

10 At kanilang iningatan ang at nagngangalit ang mga ngipin, at pananalitang ito, na untiunting natutuyo: at sinabi ko nangagtatanungan sila-sila kung sa iyong mga alagad na siya'y ano ang kahulugan ng palabasin; at hindi nila magawa.

pagbabangong maguli sa mga 19 At sumagot siya sa kanila at patay. nagsabi, Oh lahing walang

11 At tinanong nila siya, na pananampalataya, hanggang kailan sinasabi, Bakit sinasabi ng mga makikisama ako sa inyo? hanggang eskriba na kinakailangang kailan titiisin ko kayo? dalhin pumarito muna si Elias? ninyo siya rito sa akin.

12 At sinabi niya sa kanila, 20 At dinala nila siya sa kaniya:

Katotohanang si Elias ay pariritong at pagkakita niya sa kaniya, ay mauna, at isasauli sa dati ang lahat pagdaka'y pinapangatal siyang ng mga bagay: at paanong lubha ng espiritu; at siya'y nasusulat ang tungkol sa Anak ng nalugmok sa lupa, at tao, na siya'y maghihirap ng nagpagulonggulong na bumubula

maraming bagay at pawalang ang kaniyang bibig. halaga? 21 At tinanong niya ang kaniyang

13 Datapuwa't sinasabi ko sa ama, Kailan pang panahon inyo, na naparito na si Elias, at nangyayari sa kaniya ito? At sinabi ang anomang kanilang inibig, ayon 22 At madalas na siya'y sa nasusulat tungkol sa kaniya. ginawa din naman nila sa kaniya niya, Mula sa pagkabata.

inihahagis sa apoy at sa tubig,

14 At pagdating nila sa mga upang siya'y patayin: datapuwa't

alagad, ay nakita nilang nasa kung mayroon kang magagawang

kanilang palibotlibot ang lubhang anomang bagay, ay maawa ka sa maraming mga tao, at ang mga amin, at tulungan mo kami.

eskriba ay nangakikipagtalo sa 23 At sinabi sa kaniya ni Jesus, kanila. Kung kaya mo! Ang lahat ng mga

15 At pagdaka'y ang buong bagay ay may pangyayari sa kaniya karamihan, pagkakita nila sa na nananampalataya.

kaniya, ay nangagtakang mainam, 24 Pagdaka'y sumigaw ang anna at tinakbo siya na siya'y binati. ng bata, at sinabi,

16 At tinanong niya sila, Ano ang Nananampalataya ako; tulungan ipinakikipagtalo ninyo sa kanila?

mo ang kakulangan ko ng 33 At si1a'y nagsidating sa pananampalataya. Capernaum: at nang siya'y nasa

dumaragsang tumatakbo ang 25 At nang makita ni Jesus na bahay na ay tinanong niya sila, Ano ang pinagkakatuwiranan ninyo sa daan? karamihan, ay pinagwikaan niya

ang karumaldumal na espiritu, na 34 Datapuwa't hindi sila sinasabi sa kaniya, Ikaw bingi at nagsiimik: sapagka't sila-sila ay

piping espiritu, iniuutos ko sa iyo nangagtalo sa daan, kung sino ang na lumabas ka sa kaniya, at huwag pinakadakila.

ka nang pumasok na muli sa 35 At siya'y naupo, at tinawag kaniya. ang labingdalawa; at sa kanila'y

26 At nang makapagsisisigaw, at sinabi niya, Kung sinoman ang ibig

nang siya'y mapangatal na na maging una, ay siyang mainam, ay lumabas siya: at ang mahuhuli sa lahat, at lingkod ng

bata'y naging anyong patay; ano lahat.

pa't marami ang nagsabi, Siya'y 36 At kinuha niya ang isang patay. maliit na bata, at inilagay sa gitna

2 7 Datapuwa't hinawakan siya ni nila: at siya'y kaniyang kinalong,

Jesus sa kamay, at siya'y na sa kanila'y sinabi niya, ibinangon; at siya'y nagtindig. 37 Ang sinomang tumanggap sa

28 At nang pumasok siya sa isa sa mga ganitong maliliit na bata

bahay, ay tinanong siya ng lihim sa aking pangalan, ay ako ang ng kaniyang mga alagad, Paano ito tinatanggap: at ang sinomang na siya'y hindi namin napalabas? tumanggap sa akin, ay hindi ako

ganito ay hindi mapalalabas ng 29 At sinabi niya sa kanila, Ang ang

tinatanggap, kundi yaong sa aki'y nagsugo. anoman, maliban sa pamamagitan 38 Sinabi sa kaniya ni Juan, Guro, ng panalangin. nakita namin ang isa na sa

nangagdaan sa Galilea; at ayaw 30 At nagsialis sila roon, at pangalan mo'y nagpapalabas ng mga demonio; at pinagbawalan namin siya, sapagka't hindi siyang sinomang tao'y makaalam sumusunod sa atin. niyaon. 39 Datapuwa't sinabi ni Jesus, 31 Sapagka't tinuruan niya ang Huwag ninyong pagbawalan siya: kaniyang mga alagad, at sa kanila'y sapagka't walang taong gumagawa sinabi, Ibibigay ang Anak ng tao sa ng makapangyarihang gawa sa mga kamay ng mga tao, at siya'y pangalan ko, na pagdaka'y papatayin nila; at pagkapatay sa makapagsasalita ng masama kaniya, ay siyang magbabangong tungkol sa akin. muli pagkaraan ng ikatlong araw.

ang sabing ito, at nangatakot 32 Nguni't hindi nila naunawa 40 Sapagka't ang hindi laban sa atin ay sumasa atin.

silang magsipagtanong sa kaniya.

MARCOS

41 Sapagka't ang sinomang 48 Na doo'y hindi namamatay

magpainom sa inyo ng isang ang kanilang uod, at hindi sarong tubig, dahil sa kayo'y kay namamatay ang apoy.

Cristo, katotohanang sinasabi ko 49 Sapagka't bawa't isa'y aasnan sa inyo, na hindi mawawala sa sa pamamagitan ng apoy. anomang paraan ang ganti sa 50 Mabuti ang asin: datapuwa't kaniya. kung tumabang ang asin, ay ano 42 At ang sinomang magbigay ng ang inyong ipagpapaalat? Taglayin ikatitisod sa maliliit na ito na ninyo sa inyong sarili ang asin, at sumasampalataya sa akin, ay kayo'y magkaroon ng kapayapaan mabuti pa sa kaniya kung bitinan sa isa't isa. ang kaniyang leeg ng isang

malaking gilingang bato, at siya'y

ibulid sa dagat. KAPITULO 10

43 At kung ang kamay mo ay 1 At siya'y umalis doon, at

makapagpapatisod sa iyo, ay pumasok sa mga hangganan ng putulin mo: mabuti pa sa iyo ang Judea at sa dako pa roon ng pumasok sa buhay na pingkaw, kay Jordan: at ang mga karamihan ay

sa may dalawang kamay kang muling nakipisan sa kaniya; at, mapasa impierno, sa apoy na hindi ayon sa kaniyang kinaugalian, ay mapapatay. muling tinuruan niya sila.

44 Na doo'y hindi namamatay 2 At nagsilapit sa kaniya ang mga ang kanilang uod, at hindi Fariseo, at siya'y tinanong, namamatay ang apoy. Matuwid baga sa lalake na ihiwalay

45 At kung ang paa mo'y ang kaniyang asawa? na siya'y makapagpapatisod sa iyo, ay tinutukso.

putulin mo: mabuti pa sa iyo ang 3 At sumagot siya at sa kanila'y pumasok kang pilay sa buhay kay sinabi, Ano ang iniutos sa inyo ni sa may dalawang paa kang mabulid Moises? sa impierno.

4 At sinabi nila, Ipinahintulot ni

46 Na doo'y hindi namamatay Moises na ilagda ang kasulatan sa ang kanilang uod, at hindi paghihiwalay, at ihiwalay siya. namamatay ang apoy.

5 Datapuwa't sinabi sa kanila ni

47 At kung ang mata mo'y Jesus, Dahil sa katigasan ng inyong makapagpapatisod sa iyo, ay puso ay inilagda niya ang utos na dukitin mo: mabuti pa sa iyo ang ito.

pumasok sa kaharian ng Dios na

may isang mata, kay sa may 6 Nguni't buhat nang pasimula ng dalawang mata kang mabulid sa paglalang, Lalake at babaing impierno; ginawa niya sila.

7 Dahil dito'y iiwan ng lalake ang kaniyang ama at ina, at makikisama sa kaniyang asawa;

8 At ang dalawa ay magiging lumuhod sa harap niya, at siya'y isang laman; kaya hindi na sila tinanong, Mabuting Guro, ano ang dalawa, kundi isang laman. gagawin ko upang ako'y magmana

9 Ang pinapagsama nga ng Dios, ng buhay na walang hanggan?

ay huwag papaghiwalayin ng tao. 18 At sinabi sa kaniya ni Jesus, 10 At sa bahay ay muling Bakit tinatawag mo akong mabuti? walang mabuti kundi isa lamang,

tinanong siya ng mga alagad ang Dios. tungkol sa bagay na ito.

ni Jesus, ay nagdalang galit siya, at sinomang lalake na ihiwalay ang 11 At sinabi niya sa kanila, Ang 19 Nalalaman mo ang mga utos, Huwag kang pumatay, Huwag kang mangalunya, Huwag kang kaniyang asawa, at magasawa sa magnakaw, Huwag kang sumaksi iba, ay nagkakasala ng sa di katotohanan, Huwag kang pangangalunya laban sa unang magdaya, Igalang mo ang iyong asawa: anna at ang iyong ina. 12 At kung ihiwalay ng babae ang 20 At sinabi niya sa kaniya, Guro, kaniyang asawa, at magasawa sa ang lahat ng mga bagay na ito'y iba, ay nagkakasala siya ng aking ginanap mula sa aking pangangalunya. kabataan. 13 At dinadala nila sa kaniya ang 21 At pagtitig sa kaniya ni Jesus, maliliit na bata, upang sila'y ay giniliw siya, at sinabi sa kaniya, kaniyang hipuin: at sinaway sila ng Isang bagay ang kulang sa iyo: mga alagad. yumaon ka, ipagbili mo ang lahat 14 Datapuwa't nang ito'y makita mong tinatangkilik, at ibigay mo sa dukha, at magkakaroon ka ng sinabi sa kanila, Pabayaan ninyong kayamanan sa langit: at pumarito magsilapit sa akin ang maliliit na ka, sumunod ka sa akin. bata; huwag ninyo silang 22 Datapuwa't siya'y nahapis sa pagbawalan: sapagka't sa mga sabing ito, at siya'y yumaong ganito nauukol ang kaharian ng namamanglaw: sapagka't siya'y Dios. isang may maraming mga pag-aari. 15 Katotohanang sinasabi ko sa 23 At lumingap si Jesus sa inyo, Ang sinomang hindi palibotlibot, at sinabi sa kaniyang tumanggap ng kaharian ng Dios na mga alagad, Kay hirap na tulad sa isang maliit na bata, ay magsipasok sa kaharian ng Dios hindi siya papasok doon sa ang mga may kayamanan! anomang paraan.

lumalakad sa daan, ay may isang pinagpala, na ipinapatong ang 16 At kinalong niya sila, at si1a'y 24 At nangagtaka ang mga alagad sa kaniyang mga salita. Datapuwa't si Jesus ay muling sumagot at kaniyang mga kamay sa kanila. nagsabi sa kanila, Mga anak, kay 17 At nang siya'y umalis na hirap na magsipasok sa kaharian

tumakbong lumapit sa kaniya, at

MARCOS

ng Dios ang mga magsisiasa sa labingdalawa, at nagpasimulang mga kayamanan! sinabi sa kanila ang mga bagay na

25 Magaan pa sa isang kamelyo sa kaniya'y mangyayari,

ang dumaan sa butas ng isang 33 Na sinasabi, Narito, karayom, kay sa isang mayaman nagsisiahon tayo sa Jerusalem; at

nga kaya ang makaliligtas? hahatulang patayin, at ibibigay siya sa mga Gentil: 2 7 Pagtingin ni Jesus sa kani1a'y 34 At siya'y kanilang aalimurahin, nagsabi, Hindi maaari ito sa mga at siya'y luluraan, at siya'y tao, datapuwa't hindi gayon sa hahampasin, at siya'y papatayin; at Dios: sapagka't ang lahat ng mga pagkaraan ng tatlong araw ay lubha, na sinasabi sa kaniya, Sino 26 At sila'y nangagtatakang pangulong saserdote at sa mga eskriba; at siya'y kanilang ang pumasok sa kaharian ng Dios. ibibigay ang Anak ng tao sa mga

bagay ay may pangyayari sa Dios.

magbabangon siyang muli.

namin ang lahat, at nagsisunod sa Santiago at si Juan, na mga anak ni Zebedeo, na sa kaniya'y iyo. nagsisipagsabi, Guro, ibig naming 29 Sinabi ni Jesus, Katotohanang nagsabi sa kaniya, Narito, iniwan 35 At nagsilapit sa kaniya si 28 Si Pedro ay nagpasimulang

iyong gawin sa amin ang anomang

sinasabi ko sa inyo, Walang taong aming hingin sa iyo. nagiwan ng bahay, o mga kapatid

na lalake, o mga kapatid na babae, 36 At sinabi niya sa kanila, Ano

o ina, o ama, o mga anak, o mga ang ibig ninyong sa inyo'y aking lupa, dahil sa akin, at dahil sa gawin? evangelio, 37 At sinabi nila sa kaniya,

30 Na hindi siya tatanggap ng Ipagkaloob mo sa amin na tigisang daan ngayon sa panahong mangakaupo kami, ang isa'y sa ito, ng mga bahay, at mga kapatid iyong kanan, at ang isa'y sa iyong

na lalake, at mga kapatid na babae, kaliwa, sa iyong kaluwalhatian. at mga ina, at mga anak, at mga 38 Datapuwa't sinabi sa kanila ni

lupa, kalakip ng mga paguusig; at Jesus, Hindi ninyo nalalaman ang

sa sanglibutang darating ay ng inyong hinihingi. Mangakaiinom walang hanggang buhay. baga kayo sa sarong aking

31 Datapuwa't maraming iinuman? o mangababautismuhan nangauuna ay mangahuhuli; at sa bautismo na ibinautismo sa nangahuhuli na mangauuna. akin?

nagsisiahon sa Jerusalem; at 32 At sila'y nangasa daan, na 39 At sinabi nila sa kaniya, Kaya namin. At sinabi sa kanila ni Jesus, Ang sarong aking iinuman ay nangunguna sa kanila si Jesus: at iinuman ninyo; at sa bautismo na sila'y nangagtaka; at ang ibinautismo sa akin ay nangagsisisunod ay nangatakot. At babautismuhan kayo; muling kinuha niya ang

40 Datapuwa't ang maupo sa 48 At siya'y pinagwikaan ng aking kanan o sa aking kaliwa ay marami upang siya'y tumahimik: hindi ako ang magbibigay; datapuwa't siya'y lalong datapuwa't yaon ay para sa kanila sumisigaw, Ikaw na Anak ni David, na mga pinaghahandaan. mahabag ka sa akin.

41 At nang marinig ito ng 49 At tumigil si Jesus, at sinabi, sangpu, ay nangagpasimula silang Tawagin ninyo siya. At tinawag mangagalit kay Santiago at kay nila ang lalaking bulag, na sinasabi Juan. sa kaniya, Laksan mo ang iyong

kaniya, at sa kanila'y sinabi, 42 At sila'y pinalapit ni Jesus sa loob; ikaw ay nagtindig, tinatawag ka niya.

Nalalaman ninyo na yaong mga 50 At siya, pagkatapon ng inaaring mga pinuno ng mga Gentil kaniyang balabal, ay nagmadaling ay nangapapanginoon sa kanila; tumindig, at lumapit kay Jesus.

at ang sa kanila'y mga dakila ay 51 At sumagot sa kaniya si Jesus, nagsisigamit ng kapamahalaan sa at sinabi, Ano ang ibig mong gawin kanila. ko sa iyo? At sinabi ng lalaking

43 Datapuwa't sa inyo ay hindi bulag, Raboni, na tanggapin ang gayon: kundi ang sinomang ibig na aking paningin.

dumakila sa inyo, ay magiging 52 2 At sinabi sa kaniya ni lingkod ninyo; Jesus, Humayo ka ng iyong

44 At ang sinoman sa inyo ang lakad; pinagaling ka ng iyong magibig manguna, ay magiging pananampalataya. At pagdaka'y alipin ng lahat. tinanggap niya ang kaniyang naman ay hindi naparito upang 45 Sapagka't ang Anak ng tao rin paningin, at siya'y sumunod sa kaniya sa daan. paglingkuran, kundi upang

at habang nililisan niya ang Jerico, maglingkod, at ibigay ang KAPITULO 11 kaniyang buhay na pangtubos sa 1 At nang malapit na sila sa marami. Jerusalem, sa Betfage at sa Betania, 46 At nagsidating sila sa Jerico: sa bundok ng mga Olivo ay sinugo niya ang dalawa sa kaniyang mga na kasama ng kaniyang mga alagad alagad, at ng lubhang maraming mga tao, 2 At sa kanila'y sinabi, ang anak ni Timeo, si Bartimeo, na Magsiparoon kayo sa nayong nasa isang pulubing bulag, ay nakaupo tapat ninyo: at pagkapasok ninyo sa tabi ng daan. roon, ay masusumpungan ninyo 47 At nang marinig niya na yao'y ang isang nakataling batang asno, si Jesus na Nazareno, siya'y na hindi pa nasasakyan ng nagpasimulang magsisigaw, at sinomang tao; inyong kalagin siya, nagsabi, Jesus, ikaw na anak ni at dalhin ninyo siya rito. David, mahabag ka sa akin.

MARCOS

3 At kung may nagsabi sa inyo, 13 At pagkatanaw niya sa malayo Bakit ninyo ginagawa ito? sabihin ng isang puno ng igos na may mga ninyo, Kinakailangan siya ng dahon, ay lumapit siya, na baka Panginoon; at pagdaka'y ipadadala sakaling makasumpong doon ng niya siya rito. anoman: at nang siya'y malapit sa

nasumpungan ang batang asno na 4 At sila'y nagsiyaon, at kanilang kaniya ay wala siyang nasumpungang anoman kundi mga dahon; sapagka't hindi panahon ng nakatali sa pintuan sa labas ng mga igos. lansangan; at siya'y kanilang kinalag. 14 At sumagot si Jesus at sinabi

nangagsabi sa kanila, Ano ang S At ilan sa nangakatayo roon ay rito, Sinomang tao'y hindi kakain ng iyong bunga mula ngayon at magpakailan man. At ito'y narinig ginagawa ninyo na inyong ng kaniyang mga alagad. kinakalag ang batang asno?

sinabi ni Jesus: at pinabayaan 6 At sinabi nila sa kanila ayon sa 15 At nagsidating sila sa Jerusalem: at pumasok siya sa templo, at nagpasimulang nilang si1a'y magsialis. kaniyang itinaboy ang nangagbibili 7 At dinala nila ang batang asno at nagsisibili sa loob ng templo, at kay Jesus, at inilagay nila sa ginulo ang mga dulang ng ibabaw ng batang asno ang nangagpapalit ng salapi, at ang kanilang mga damit; at ito'y mga upuan ng nangagbibili ng mga sinakyan ni Jesus. kalapati;

8 At marami ang nagsisipaglatag 16 At hindi niya ipinahintulot na ng kanilang mga damit sa daan; at sinoman ay magdala ng anomang ang mga iba'y ng mga sanga, na sisidlan sa templo. kanilang pinutol sa mga parang.

17 At siya'y nagturo, at sinabi sa

9 At ang nangasa unahan, at ang kanila, Hindi baga nasusulat, Ang nagsisisunod, ay nangagsisigawan, aking bahay ay tatawaging bahay-Hosanna; Mapalad ang pumaparito panalanginan ng lahat ng mga sa pangalan ng Panginoon: bansa? datapuwa't ginawa ninyong

10 Mapalad ang kahariang yungib ng mga tulisan.

pumaparito, ang kaharian ng ating 18 At yao'y narinig ng mga amang si David: Hosanna sa pangulong saserdote at ng mga

kataastaasan. eskriba, at pinagsisikapan kung

11 At pumasok siya sa Jerusalem, paanong siya'y kanilang sa templo; at nang malingap niya maipapapuksa: sapagka't sa palibotlibot ang lahat ng mga nangatatakot sila sa kaniya, dahil

bagay, at pa1ibhasa'y hapon na, ay sa buong karamihan ay pumaroon siya sa Betania na nanggigilalas sa kaniyang aral. kasama ang labingdalawa. 19 At gabi-gabi'y lumalabas siya

12 At sa kinabukasan, pagkaalis sa bayan.

nila sa Betania, ay nagutom siya.

20 At sa pagdaraan nila pagka pangulong saserdote, at ang mga umaga, ay nakita nila na ang puno eskriba, at ang matatanda;

ng igos ay tuyo na mula sa mga 28 At sinabi nila sa kaniya, Sa ugat. anong kapamahalaan ginagawa mo 21 At sa pagkaalaala ni Pedro ay ang mga bagay na ito? o sino ang

sinabi sa kaniya, Rabi, narito, ang sa iyo'y nagbigay ng sinumpa mong puno ng igos ay kapamahalaang ito upang gawin

natuyo. mo ang mga bagay na ito?

2 2 At pagsagot ni Jesus ay sinabi 29 At sa kanila'y sinabi ni Jesus,

sa kanila, Magkaroon kayo ng Tatanungin ko kayo ng isang pananampalataya sa Dios. tanong, at sagutin ninyo ako, at

inyo, Ang sinomang magsabi sa 23 Katotohanang sinasabi ko sa aking sasabihin sa inyo kung sa anong kapamahalaan ginagawa ko ang mga bagay na ito. bundok na ito, Mapataas ka at mapasugba ka sa dagat; at hindi 30 Ang bautismo ni Juan, ay mula magalinlangan sa kaniyang puso, baga sa langit, o sa mga tao? kundi manampalataya na sagutin ninyo ako. mangyayari ang sinabi niya; ay 31 At kanilang pinagkatuwiranan kakamtin niya yaon. sa kanilang sarili, na sinasabi. 24 Kaya nga sinasabi ko sa inyo, Kung sabihin natin, Mula sa langit; Ang lahat ng mga bagay na inyong ay sasabihin niya, Bakit nga hindi idinadalangin at hinihingi, ay ninyo siya pinaniwalaan? magsisampalataya kayo na inyong 32 Datapuwa't kung sabihin tinanggap na, at inyong kakamtin. natin, Mula sa mga tao-ay 25 At kailan man kayo'y nangatatakot sila sa bayan: nangakatayong nagsisipanalangin, sapagka't kinikilala ng lahat na si mangagpatawad kayo, kung Juan ay tunay na propeta. mayroon kayong anomang laban sa 33 At si1a'y nagsisagot kay Jesus kanino man; upang ang inyong at nagsipagsabi, Hindi namin Anna naman na nasa langit ay nalalaman. At sinabi ni Jesus sa patawarin kayo ng inyong mga kanila, Hindi ko rin sasabihin sa kasalanan. inyo kung sa anong kapamahalaan 26 Datapuwa't kung hindi kayo ginagawa ko ang mga

bagay na ito. magpapatawad, hindi rin kayo patatawarin sa inyong mga

kasalanan ng inyong Anna na nasa KAPITULO 12 mga langit. 1 At nagpasimulang pinagsalitaan

2 7 At sila'y nagsiparoong muli sa niya sila sa mga talinghaga.

Jerusalem: at samantalang Nagtanim ang isang tao ng isang

lumalakad siya sa templo, ay ubasan, at binakuran ng mga nagsilapit sa kaniya ang mga buhay na punong kahoy, at

humukay roon ng isang pisaan ng ubas, at nagtayo ng isang

MARCOS

bantayan, at ipinagkatiwala yaon nangagtayo ng gusali, Ang siya sa mga magsasaka, at napasa ibang ring ginawang pangulo sa panulok;

lupain. 11 Ito'y mula sa Panginoon, At

2 At sa kapanahunan ay nagsugo ito'y kagilagilalas sa harap ng ating

siya ng isang alipin sa mga mga mata.

magsasaka, upang tanggapin niya 12 At pinagsikapan nilang hulihin sa mga magsasaka ang mga bunga siya; at sila'y natakot sa ng ubasan. karamihan; sapagka't kanilang

3 At hinawakan nila siya, at napaghalata na kaniyang sinalita hinampas siya, at siya'y pinauwing ang talinghaga laban sa kanila: at walang dala. siya'y iniwan nila, at nagsialis.

4 At siya'y muling nagsugo sa 13 At kanilang sinugo sa kaniya kanila ng ibang alipin; at ito'y ang ilan sa mga Fariseo at sa mga

kanilang sinugatan sa ulo, at Herodiano, upang siya'y mahuli dinuwahagi. nila sa pananalita.

S At nagsugo siya ng iba; at ito'y 14 At nang sila'y magsilapit, ay

kanilang pinatay: at ang iba pang kanilang sinabi sa kaniya, Guro, marami; na hinampas ang iba, at nalalaman namin na ikaw ay totoo,

ang iba'y pinatay. at hindi ka nangingimi kanino 6 Mayroon pa siyang isa, isang man; sapagka't hindi ka nagtatangi ng mga tao, kundi itinuturo mong

sinugo niyang kahulihulihan sa may katotohanan ang daan ng sinisintang anak na lalake: ito'y

kanila, na sinasabi, Igagalang nila Dios: Matuwid bagang bumuwis kay Cesar, o hindi? ang aking anak.

7 Datapuwa't ang mga 15 Bubuwis baga kami, o hindi

magsasakang yaon ay kami bubuwis? Datapuwa't siya, na

nangagsangusapan, Ito ang nakatataho ng kanilang tagapagmana; halikayo, atin siyang pagpapaimbabaw, ay nagsabi sa

patayin, at magiging atin ang kanila, Bakit ninyo ako tinutukso?

mana. magdala kayo rito sa akin ng isang

denario, upang aking makita.

ng ubasan. niya sa kanila, Kanino ang larawang ito at ang nasusulat? At 9 Ano nga kaya ang gagawin ng sinabi nila sa kaniya, kay Cesar. panginoon ng ubasan? siya'y siya'y pinatay, at itinaboy sa labas 16 At dinalhan nila. At sinabi 8 At siya'y kanilang hinawakan, at

paroroon at pupuksain ang mga 17 At sinabi sa kanila ni Jesus, ibigay ninyo kay Cesar ang sa kay magsasaka, at ibibigay ang ubasan Cesar, at sa Dios ang sa Dios. At sa mga iba. sila'y nanggilalas na mainam sa 10 Hindi man lamang baga kaniya. nabasa ninyo ang kasulatang ito: 18 At nagsilapit sa kaniya ang Ang batong itinakuwil ng mga Saduceo, na nangagsasabi na

walang pagkabuhay na maguli; at siya'y kinausap ng Dios na siya'y kanilang tinanong, na sinasabi, Ako ang Dios ni Abraham,

sinasabi, at ang Dios ni Isaac, at ang Dios ni

19 Guro, isinulat sa amin ni Jacob?

Moises, Kung ang kapatid na lalake 2 7 Hindi siya ang Dios ng mga ng isang lalake ay mamatay, at patay, kundi ng mga buhay: kayo'y may maiwang asawa, at walang nangagkakamaling lubha.

naiwang anak, ay kukunin ng 28 At lumapit ang isa sa mga kaniyang kapatid ang kaniyang eskriba, at nakarinig ng kanilang asawa, at bigyan ng anak ang pagtatalo, at palibhasa'y kaniyang kapatid. nalalamang mabuti ang pagkasagot

20 May pitong lalaking niya sa kanila, ay tinanong siya, magkakapatid: at nagasawa ang Ano baga ang pangulong utos sa panganay, at nang mamatay ay lahat?

walang naiwang anak; 29 Sumagot si Jesus, Ang pangulo

- 21 At nagasawa sa bao ang ay, Pakinggan mo, Oh Israel; Ang pangalawa, at namatay na walang Panginoon nating Dios, ang naiwang anak; at gayon din naman Panginoon ay iisa: ang pangatlo: 30 At iibigin mo ang Panginoon
- 2 2 At ang ikapito'y walang mong Dios ng buong puso mo, at naiwang anak. Sa kahulihulihan ng ng buong kaluluwa mo, at ng lahat ay namatay naman ang buong pagiisip mo, at ng buong babae. lakas mo.
- 23 Sa pagkabuhay na maguli, sino 31 Ang pangalawa ay ito, libigin sa kanila ang magiging asawa ng mo ang iyong kapuwa na gaya ng

babae? sapagka't siya'y naging iyong sarili. Walang ibang utos na asawa ng pito. hihigit sa mga ito.

24 Sinabi sa kanila ni Jesus, Hindi 32 At sinabi sa kaniya ng eskriba, kaya nangagkakamali kayo dahil Sa katotohanan, Guro, ay mabuti diyan, na hindi ninyo nalalaman ang pagkasabi mo na siya'y iisa; at ang mga kasulatan, ni ang wala nang iba liban sa kaniya: kapangyarihan ng Dios? 33 At ang siya'y ibigin ng buong

25 Sapagka't sa pagbabangon puso, at ng buong pagkaunawa, at nilang muli sa mga patay, ay hindi ng buong lakas, at ibigin ang na mangagaasawa, ni kapuwa niya na gaya ng sa papagaasawahin pa; kundi gaya ng kaniyang sarili, ay higit pa kay sa

mga anghel sa langit. lahat ng mga handog na susunugin

26 Nguni't tungkol sa mga patay, at mga hain.

na sila'y mga ibabangon; hindi 34 At nang makita ni Jesus na baga ninyo nabasa sa aklat ni siya'y sumagot na may Moises, tungkol sa Mababang katalinuhan, ay sinabi niya sa punong kahoy, kung paanong kaniya, Hindi ka malayo sa

MARCOS

kaharian ng Dios. At walang tao, 42 At lumapit ang isang babaing pagkatapos noon na nangahas na bao, at siya'y naghulog ng tumanong pa sa kaniya ng dalawang lepta, na ang halaga'y anomang tanong. halos isang beles.

35 At sumagot si Jesus at nagsabi 43 At pinalapit niya sa kaniya ang nang siya'y nagtuturo sa templo, kaniyang mga alagad, at sinabi sa Paanong masasabi ng mga eskriba kanila, Katotohanang sinasabi ko na ang Cristo ay anak ni David? sa inyo, Ang dukhang baong

pamamagitan ng Espiritu Santo, 36 Si David din ang nagsabi sa babaing ito, ay naghulog ng higit kay sa lahat ng nangaghuhulog sa kabang-yaman: Sinabi ng Panginoon sa aking Panginoon, Maupo ka sa aking 44 Sapagka't silang lahat ay kanan, Hanggang sa gawin ko ang nagsipaghulog ng sa kani1a'y labis; iyong mga kaaway na tungtungan datapuwa't siya sa kaniyang ng iyong mga paa. kasalatan ay inihulog ang buong nasa kaniya, sa makatuwid baga'y 37 Si David din ang tumatawag na ang buong kaniyang ikabubuhay. Panginoon sa kaniya; at paano

ngang siya'y kaniyang anak? At ang

mga karaniwang tao ay KAPITULO 13 nangakikinig sa kaniyang may 1 At paglabas niya sa templo, ay galak. sinabi sa kaniya ng isa sa kaniyang 38 At sinabi niya sa kaniyang mga alagad, Guro, masdan mo, pagtuturo, Mangagingat kayo sa pagkaiinam ng mga bato, at mga eskriba, na ibig magsilakad na pagkaiinam na mga gusali! may mahahabang damit, at pagpugayan sa mga pamilihan. 2 At sinabi ni Jesus sa kaniya, Nakikita mo baga ang malalaking 39 At ibig nila ang mga gusaling ito? walang matitira pangulong upuan sa mga sinagoga, ditong isang bato sa ibabaw ng at ang mga pangulong luklukan sa kapuwa bato na di ibabagsak. mga pigingan: 3 At samantalang siya'y nakaupo 40 Silang nangananakmal ng mga sa bundok ng mga Olivo sa tapat bahay ng mga babaing bao, at ng templo, ay tinanong siya ng dinadahilan ay ang mahahabang lihim ni Pedro at ni Santiago at ni panalangin; ang mga ito'y Juan at ni Andres, tatanggap ng lalong malaking 4 Sabihin mo sa amin, kailan kahatulan. mangyayari ang mga bagay na ito? 41 At umupo siya sa tapat ng at ano ang magiging tanda pagka kabang-yaman, at minasdan kung malapit ng maganap ang lahat ng paanong inihuhulog ng karamihan mga bagay na ito? ang salapi sa kabang-yaman: at 5 At si Jesus ay nagpasimulang maraming mayayaman ang magsabi sa kanila, Mangagingat nangaghuhulog ng marami.

kayo na huwag kayong paligaw magsisipaghimagsik ang mga anak kanino mang tao. laban sa mga magulang, at sila'y

6 Maraming paririto sa aking ipapapatay.

pangalan, na magsisipagsabi, Ako 13 At kayo'y kapopootan ng lahat

ang Cristo; at maliligaw ang ng mga tao dahil sa aking marami. pangalan: datapuwa't ang magtitiis

mga digma at ng mga alingawngaw 7 At kung mangakarinig kayo ng hanggang sa wakas, ay siyang maliligtas. ng mga digma, ay huwag kayong 14 Nguni't pagkakita ninyo ng

mangagulumihanan: ang mga kasuklamsuklam na paninira, na

bagay na ito'y dapat na mangyari: nakatayo doon sa hindi dapat datapuwa't hindi pa ang wakas. niyang kalagyan (unawain ng

bansa laban sa bansa, at ang 8 Sapagka't magtitindig ang bumabasa), kung magkagayo'y nagsitakas sa mga bundok ang nangasa Judea: kaharian laban sa kaharian; at 15At ang nasa bubungan ay lilindol sa iba't ibang dako; huwag bumaba, ni pumasok, upang magkakagutom: ang mga bagay na ito'y pasimula ng kahirapan. maglabas ng anoman sa kaniyang bahay: 9 Datapuwa't mangagingat kayo sa inyong sarili: sapagka't kayo'y 16 At ang nasa bukid ay huwag

ibibigay nila sa mga Sanedrin; at magbalik upang kumuha ng kayo'y hahampasin sa mga kaniyang balabal.

sinagoga; at kayo'y magsisitindig 17 Datapuwa't sa aba ng sa harap ng mga gobernador at ng nangagdadalangtao at ng mga hari dahil sa akin, na bilang nangagpapasuso sa mga araw na

patotoo sa kanila. yaon!

kinakailangan munang 10 At sa lahat ng mga bansa ay 18 At magsipanalangin kayo na ito'y huwag mangyari sa panahong

maipangaral ang evangelio. taginaw.

11 At pagka kayo'y dinala sa 19 Sapagka't ang mga araw na harap ng mga kapulungan, at yaon ay magiging kapighatian, na kayo'y ibigay, ay huwag kayong ang gayo'y di pa nangyayari buhat mangabalisa kung ano ang inyong sa pasimula ng paglalang na sasabihin: datapuwa't ang nilikha ng Dios hanggang ngayon,

yaon, ay siya ninyong sabihin; man. sapagka't hindi kayo ang 20 At malibang paikliin ng ipagkaloob sa inyo sa oras na at ni hindi na mangyayari kailan

nagsasalita, kundi ang Espiritu

Santo. Panginoon ang mga araw, ay

12 At ibibigay ng kapatid sa datapuwa't dahil sa mga hirang, na walang laman na makaliligtas;

kamatayan ang kapatid, at ng ama kaniyang hinirang, ay pinaikli niya ang kaniyang anak; at ang mga araw.

MARCOS

21 At kung magkagayon kung ninyo na siya'y malapit na, nasa may magsabi sa inyong sinomang mga pintuan nga.

tao, Narito, ang Cristo; o, Nariyan; 30 Katotohanang sinasabi ko sa huwag ninyong paniwalaan: inyo, Hindi lilipas ang lahing ito, hanggang sa mangaganap ang lahat 2 2 Sapagka't may magsisilitaw na ng mga bagay na ito. mga bulaang Cristo at mga bulaang

narito, ipinagpauna ko nang sinabi propeta, at mangagpapakita ng 31 Ang langit at ang lupa ay mga tanda at mga kababalaghan, lilipas: datapuwa't ang aking mga upang mailigaw nila, kung salita ay hindi lilipas. mangyayari, ang mga hirang. 32 Nguni't tungkol sa araw o oras 23 Datapuwa't mangagingat kayo: na yaon ay walang

nakakaalam, kahit ang mga anghel sa langit, sa inyo ang lahat ng mga bagay. kahit ang Anak, kundi ang Anna.

pagkatapos ng kapighatiang yaon, 24 Nguni't sa mga araw na yaon, 33 Kayo'y mangagingat, mangagpuyat at magsipanalangin: ay magdidilim ang araw, at ang sapagka't hindi ninyo nalalaman buwan ay hindi magbibigay ng kung kailan kaya ang panahon. kaniyang liwanag, 34 Gaya ng isang tao na 25 At mangalalaglag ang mga nanirahan sa ibang lupain, na bituin mula sa langit, at pagkaiwan ng kaniyang bahay, at magsisipangatal ang mga pagkabigay ng kapamahalaan sa kapangyarihan sa mga langit. kaniyang mga alipin, sa bawa't 26 At kung magkagayo'y makikita isa'y ang kaniyang gawain, ay nila ang Anak ng tao na nagutos din naman sa bantay-pinto napariritong nasa mga alapaap na na magpuyat. may dakilang kapangyarihan at 35 Mangagpuyat nga kayo: kaluwalhatian. sapagka't hindi ninyo nalalaman 27 At kung magkagayo'y kung kailan paririto ang panginoon susuguin niya ang mga anghel, at ng bahay, kung sa hapon, o sa titipunin ang kaniyang mga hating gabi, o sa pagtilaok ng hinirang mula sa apat na hangin, manok, o sa umaga; mula sa wakas ng lupa hanggang 36 Baka kung biglang pumarito sa dulo ng langit. ay kayo'y mangaratnang

28 Sa puno nga ng igos ay pag- nangatutulog.

aralan ninyo ang kaniyang 37 At ang sinasabi ko sa inyo ay talinghaga: pagka nananariwa ang sinasabi ko sa lahat, Mangagpuyat kaniyang sanga, at sumusupling kayo.

ang mga dahon, ay nalalaman

ninyo na malapit na ang tagaraw;

29 Gayon din naman kayo, pagka KAPITULO 14
nangakita ninyong nangyari ang 1 Pagkaraan nga ng dalawang
mga bagay na ito, ay talastasin araw ay kapistahan ng paskua at

MARCOS

ng mga tinapay na walang 9 At katotohanang sinasabi ko sa lebadura: at pinagsisikapan ng mga inyo, Saan man ipangaral ang pangulong saserdote at ng mga evangelio sa buong sanglibutan, ay eskriba kung paanong siya'y sasaysayin din ang ginawa ng huhulihin sa pamamagitan ng babaing ito sa pagaalaala sa daya, at siya'y maipapatay. kaniya.

2 Sapagka't sinasabi nila, Huwag 10 At si Judas Iscariote, na isa sa sa kapistahan, baka magkagulo ang labingdalawa, ay naparoon sa mga bayan. pangulong saserdote, upang

3 At samantalang siya'y nasa maipagkanulo niya siya sa kanila.

Betania sa bahay ni Simon na 11 At sila, pagkarinig nila nito, ay ketongin, samantalang siya'y nangatuwa, at nagsipangakong nakaupo sa pagkain, ay dumating siya'y bibigyan ng salapi. At ang isang babae na may dalang pinagsikapan niya kung paanong

isang sisidlang alabastro na puno siya ay kaniyang maipagkakanulo ng unguentong nardo na totoong sa kapanahunan.

mahalaga; at binasag niya ang 12 At nang unang araw ng mga sisidlan, at ibinuhos sa kaniyang tinapay na walang lebadura, nang ulo. kanilang inihahain ang kordero ng

4 Datapuwa't may ilan na paskua, ay sinabi sa kaniya, ng nangagalit sa kanilang sarili, na kaniyang mga alagad, Saan mo ibig nagsipagsabi, Ano ang layon ng kaming nagsiparoon at ipaghanda pagaaksayang ito ng unguento? ka upang makakain ng kordero ng

5 Sapagka't ang unguentong ito'y paskua?

maipagbibili ng mahigit sa tatlong 13 At sinugo ang dalawa sa daang denario, at maibibigay sa kaniyang mga alagad, at sa kani1a'y mga dukha. At inupasalaan nila sinabi, Magsiparoon kayo sa bayan, ang babae. at doo'y masasalubong ninyo ang 6 Datapuwa't sinabi ni Jesus, isang lalake na may dalang isang bangang tubig: sundan ninyo siya;

Pabayaan ninyo siya; bakit ninyo

siya binabagabag? mabuting gawa 14At saan man siya pumasok, ay ang ginawa niya sa akin. sabihin ninyo sa puno ng

7 Sapagka't laging nasa inyo ang sangbahayan, Sinasabi ng Guro, mga dukha, at kung kailan man Saan naroon ang aking tuluyan, na ibigin ninyo ay mangyayaring makakanan ko ng kordero ng magawan ninyo sila ng magaling: paskua na kasalo ng aking mga datapuwa't ako'y hindi laging nasa alagad?

inyo. 15 At ituturo niya sa inyo ang

nakaya; nagpauna na siya na 8 Ginawa niya ang kaniyang isang malaking silid sa itaas na nagagayakan at handa na: at ipaghanda ninyo roon tayo. pahiran ang katawan ko sa paglilibing sa akin.

16 At nagsiyaon ang mga alagad, 24 At sinabi niya sa kanila, Ito'y at nagsipasok sa bayan, at ang aking dugo ng tipan, na nasumpungan ang ayon sa sinabi nabubuhos dahil sa marami.

niya sa kanila: at inihanda nila ang 25 Katotohanang sinasabi ko sa kordero ng paskua. inyo, na hindi na ako iinom ng

17 At nang gumabi na ay bunga ng ubas, hanggang sa araw naparoon siyang kasama ang na yaon na inumin kong panibago labingdalawa. sa kaharian ng Dios.

18 At samantalang sila'y 26 At pagkaawit nila ng isang nangakaupo na at nagsisikain, ay imno, ay nagsiparoon sila sa sinabi ni Jesus, Katotohanang bundok ng mga Olivo.

sinasabi ko sa inyo, Ang isa sa inyo 2 7 At sinabi sa kanila ni Jesus, na kasalo kong kumakain, ay Kayong lahat ay mangatitisod: ipagkakanulo ako. sapagka't nasusulat, Sasaktan ko

19 Si1a'y nagpasimulang ang pastor, at mangangalat ang nangamanglaw, at isaisang nagsabi mga tupa.

sa kaniya, Ako baga? 28 Gayon ma'y pagkapagbangon

20 At sinabi niya sa kanila, Isa ko, ay mauuna ako sa inyo sa

sumabay sa aking sumawsaw sa 29 Datapuwa't sinabi sa kaniya ni pinggan. Pedro, Bagama't mangatitisod ang nga sa labingdalawa, yaong Galilea.

ng tao, ayon sa nasusulat tungkol 30 At sinabi sa kaniya ni Jesus, sa kaniya: datapuwa't sa aba 21 Sapagka't papanaw ang Anak lahat, nguni't ako'y hindi.

niyaong taong nagkakanulo sa Katotohanang sinasabi ko sa iyo,

Anak ng tao! mabuti pa sa taong na ngayon, sa gabi ring ito, bago yaon ang hindi na siya tumilaok ang manok ng makalawa, ipinanganak. ay ikakaila mo akong makaitlo.

22 At samantalang sila'y 31 Datapuwa't lalo nang

mapagpala, ay kaniyang ikakaila. At sinabi rin naman ng pinagputolputol, at ibinigay sa lahat ang gayon din. kanila, at sinabi, Inyong kunin: ito 32 At nagsirating sila sa isang ang aking katawan. dako na tinatawag na Getsemani: at 23 At siya'y dumampot ng isang tinapay, at nang kaniyang Kahima't kailangang mamatay akong kasama mo, ay hindi kita nagsisikain, ay dumampot siya ng nagmatigas siya na sinabi,

makapagpasalamat, ay ibinigay samantalang ako'y nananalangin. niya sa kanila: at doo'y nagsiinom 33 At kaniyang isinama si Pedro silang lahat. at si Santiago at si Juan, at saro, at nang siya'y alagad, Magsiupo kayo rito, sinabi niya sa kaniyang mga

nagpasimulang nagtakang totoo, at namanglaw na mainam.

34 At sinabi niya sa kanila, 42 Magsitindig kayo, hayo na

Namamanglaw na lubha ang aking tayo: narito, malapit na ang kaluluwa, hanggang sa kamatayan: nagkakanulo sa akin.

mangatira kayo rito, at 43 At pagdaka, samantalang mangagpuyat. nagsasalita pa siya, ay dumating si

35 At lumakad siya sa dako pa Judas, na isa sa labingdalawa, at roon, at nagpatirapa sa lupa, at kasama niya ang isang karamihang

idinalangin na, kung mangyayari, may mga tabak at mga ay makalampas sa kaniya ang oras. panghampas, na mula sa mga

Anna, may pangyayari sa iyo ang 36 At kaniyang sinabi, Abba, pangulong saserdote at sa mga eskriba at sa matatanda. lahat ng mga bagay; ilayo mo sa 44 Ang nagkanulo nga sa kaniya

akin ang sarong ito: gayon ma'y ay nagbigay sa kanila ng isang hindi ang ayon sa ibig ko, kundi hudyat, na sinasabi, Ang aking ang ayon sa ibig mo. hagkan, ay yaon nga; hulihin ninyo

sila'y nangatutulog, at sinabi kay 37 At siya'y lumapit, at naratnang siya, at dalhin ninyo siyang maingat. Pedro, Simon, natutulog ka baga? 45 At nang dumating siya, hindi ka makapagpuyat ng isang pagdaka'y lumapit siya sa kaniya,

oras? at nagsabi, Rabi; at siya'y

38 Kayo'y mangagpuyat at hinagkan.

magsipanalangin, upang huwag 46 At siya'y sinunggaban nila, at

kayong magsipasok sa tukso: ang siya'y kanilang dinakip.

espiritu sa katotohanan ay may 47 Datapuwa't isa sa nangaroon ibig, datapuwa't mahina ang ay nagbunot ng kaniyang tabak, at laman. sinugatan ang alipin ng dakilang 39 At muli siyang umalis, at saserdote, at tinigpas ang kaniyang nanalangin, na sinabi ang gayon tainga. ding mga salita. 48 At sumagot si Jesus at sinabi 40 At muli

siyang nagbalik, at sa kanila, Kayo baga'y nagsilabas, naratnang si1a'y nangatutulog, na parang laban sa isang tulisan, sapagka't nangabibigatang totoo na may mga tabak at mga ang kanilang mga mata; at wala panghampas upang dakpin ako? silang maalamang sa kaniya'y 49 Arawaraw ay kasama ninyo isagot. ako sa templo, na nagtuturo at 41 At lumapit siyang bilang hindi ninyo ako hinuli: nguni't ikatlo, at sinabi sa kanila, nangyari ito upang matupad ang Mangatulog na kayo, at mga kasulatan. mangagpahinga: sukat na; 50 At iniwan siya ng lahat, at dumating na ang oras; narito, ang nagsitakas. Anak ng tao ay ipagkakanulo sa 51 At sinundan siya ng isang mga kamay ng mga makasalanan. binata, na nababalot ng isang

kumot ang katawan niyang hubo't sinasaksihan ng mga ito laban sa hubad: at hinawakan nila siya;

iyo?

S 2 Datapuwa't kaniyang binitiwan 61 Datapuwa't siya'y hindi ang kumot, at tumakas na hubo't umiimik, at walang isinagot. hubad. Tinanong siyang muli ng dakilang

S3 At dinala nila si Jesus sa saserdote, at sinabi sa kaniya, Ikaw dakilang saserdote: at baga ang Cristo, ang Anak ng nangagpipisan sa kaniya ang lahat Mapalad?

ng mga pangulong saserdote at 62 At sinabi ni Jesus, Ako nga; at ang matatanda at ang mga eskriba. makikita ninyo ang Anak ng tao na

kaniya sa malayo, hanggang sa 54 At si Pedro ay sumunod sa nakaupo sa kanan ng Makapangyarihan, at pumaparito na nasa mga alapaap ng langit. loob ng looban ng dakilang 63 At hinapak ng dakilang saserdote; at nakiumpok siya sa saserdote ang kaniyang mga damit, mga punong kawal, at nagpapainit at nagsabi, Ano pang kailangan sa ningas ng apoy. natin ng mga saksi? S 5 Ang mga pangulong saserdote nga at ang buong Sanedrin ay 64 Narinig ninyo ang nagsisihanap ng patotoo laban kay kapusungan: ano sa akala ninyo?

Jesus upang siya'y ipapatay; at At hinatulan nilang lahat na siya'y hindi nangasumpungan. dapat mamatay.

S6 Sapagka't marami ang 65 At pinasimulang luraan siya nagsisaksi ng kasinungalingan ng ilan, at tinakpan ang kaniyang laban sa kaniya, at ang kanilang mukha, at siya'y pinagsusuntok, at mga patotoo ay hindi sa kaniya'y kanilang sinasabi, nangagkatugma. Hulaan mo: at siya'y

S 7 At nagsipagtindig ang ilan, at pinagsusuntok ng mga punong nagsisaksi ng kasinungalingan kawal.

laban sa kaniya, na sinasabi, 66 At samantalang nasa ibaba si

58 Narinig naming sinabi niya, Pedro, sa looban, ay lumapit ang

Aking igigiba ang templong ito na isa sa mga alilang babae ng gawa ng mga kamay, at sa loob ng dakilang saserdote; tatlong araw ay itatayo ko ang 67 At pagkakita niya kay Pedro na

ibang hindi gawa ng mga kamay. nagpapainit, ay tinitigan niya siya,

hindi rin nangagkatugma ang 59 At kahit sa papagayon man ay at sinabi, Ikaw man ay kasama rin ng Nazareno, na si Jesus.

patotoo nila. 68 Datapuwa't siya'y kumaila, na

dakilang saserdote, at tinanong si 60 At nagtindig sa gitna ang sinasabi, Hindi ko nalalaman, ni nauunawa man ang sinasabi mo: at lumabas siya sa portiko; at Jesus na sinabi, Hindi ka tumilaok ang manok. sumasagot ng anoman? ano ang

69 At nakita siya ng alilang kung gaano karaming bagay ang

babae, at nagpasimulang kanilang isinasakdal laban sa iyo.

magsabing muli sa nangaroroon, 5 Datapuwa't si Jesus ay hindi na Ito ay isa sa kanila. sumagot ng anoman; ano pa't

70 Datapuwa't muling ikinaila nanggilalas si Pilato.

niya. At hindi nalaon, at ang 6 Sa kapistahan nga ay nangaroon ay nangagsabing muli pinagkaugalian niya na pawalan sa kay Pedro. Sa katotohanang ikaw kanila ang isang bilanggo, na ay isa sa kanila; sapagka't ikaw ay kanilang hingin sa kaniya. Galileo. 7 At mayroong isa na kung 71 Datapuwa't siya'y tawagin ay Barrabas, na nagagapos nagpasimulang manungayaw, at na kasama ng nangaghimagsik, manumpa, Hindi ko nakikilala ang mga taong nagsipatay ng mga tao taong ito na inyong sinasabi. sa panghihimagsik.

pangalawa'y tumilaok ang manok. 72 At pagdaka, bilang 8 At nagsipanhik ang karamihan at nangagpasimulang hingin sa At naalaala ni Pedro ang salitang kaniya na sa kani1a'y gawin ang sinabi ni Jesus sa kaniya, Bago gaya ng sa kanila'y laging tumilaok ang manok ng makalawa, ginagawa. ay ikakaila mo akong makaitlo. At 9 At sinagot sila ni Pilato, na nang maisip niya ito, ay tumangis sinasabi, Ibig baga ninyo na siya. pawalan ko sa inyo ang Hari ng

mga Judio?

KAPITULO 15 10 Sapagka't natatalastas niya na

1 At pagdaka, pagkaumaga ay sa kapanaghilian ay ibinigay siya

pangulong saserdote pati ng 11 Datapuwa't inudyukan ng mga matatanda at mga eskriba, at ang nangagsangusapan ang mga ng mga pangulong saserdote.

buong Sanedrin, at ginapos si pangulong saserdote ang Jesus, at inilabas siya, at ibinigay ang siya niyang pawalan sa kanila. karamihan, na si Barrabas na muna

siya kay Pilato.

12 At sumagot na muli si Pilato at

2 At itinanong sa kaniya ni Pilato, sa kanila'y sinabi, Ano nga ang

